

# Showa Village AI Demand Bus

Inilabas noong Marso 2023



## Gabay sa Pagsakay



### Bus na Bumabyahe sa Showa Village



- Bumabyahe ang mga Transit Bus sa umaga at gabi. (\*Mayroong posibilidad na bumabyahe ito pansamantala sa loob lamang ng Village.)
- Sa kalagitnaan ng araw, bumabyahe ang Demand Bus kung saan maaaring pumili ng oras o destinasyon.

\*Kailangang mag-advance booking kung gagamit ng Demand Bus.

### Transit Bus



Pamasahe  
Walang  
pagbabago

- Dalawang beses ang byahe, sa umaga at gabi.
- Katulad ng nakasanayan, ito ay magbabayahe sa 3 ruta.  
No.1 "Nagai Line" / No.2 "Nakano-Ogose Circulation Line"  
/ No.3 "Akatani-Sakura Loop Line"
- Hindi bumabyahe ang bus sa kalagitnaan ng araw mula 9:00 am hanggang 5:00 pm.  
Ngunit may pagkakataong pansamantala itong babyahe sa loob ng village lamang.
- Mangyaring gamitin ang Demand Bus mula 9:00 am -5:00 pm sa normal na byahe.

### Demand Bus



Pamasahe  
(1 Sakay)

Adult  
¥ 400

Elementary  
student  
¥ 200

- Ang byahe ay mula 9:00 am hanggang 5:00 pm.
- Kailangang mag-book para sa ride 1 oras bago sumakay.
- Maaaring mag-book gamit ang smartphone app o eksklusibong numero ng telepono para sa booking.
- Hindi maaaring sumakay o bumaba sa ibang mga lugar maliban sa bus stop.
- Mayroong posibilidad na hindi makakapag-book sa ninanais na araw at oras ayon sa sitwasyon ng booking.
- Ang sasakyang magbabayahe ay dalawang 13-seater na station wagon.
- Mangyaring tingnan ang hiwalay na mapa para sa bus stop na maaaring gamitin.

### Eksklusibong app para sa booking



### Kompanya na Namamahala

Kan-etsu Transportation Co., Ltd.

### Contact Address

Regional Promotion Section, Planning Division, Opisina ng Showa Village


TEL 0278-24-5111 (extension 141)

Showa Village, Gunma Prefecture



## Imahe ng Pagbyahe

- Sa pamamagitan ng advance booking, babyahe ang bus sa pagitan ng itinakdang destinasyon at lugar ng sakayan. (Babyahe ito kahit 1 pasahero lang ang naka-book.)
- Gamit ang AI system, itatalaga ang ruta at babyahe ang Demand Bus ayon sa sitwasyon ng booking, at wala itong kinalaman sa ruta ng transit bus.



\*Imahe ng pagbabyahe kapag mayroong booking sa parehong oras at araw.



## Tungkol sa Mga Lugar

Mga Lugar na Makakagamit	Magagamit o Hindi
Loob ng village ⇔ Loob ng village	○
Loob ng village ⇔ Numata City	○
Numata City ⇔ Numata City	×

- Maaaring sumakay at bumaba sa lahat ng bus stop sa loob ng village.
- Maaari itong gamitin kung pupunta mula sa loob ng village hanggang Numata City, o kung galing Numata City papunta sa loob ng village.
- × Hindi ito maaaring gamitin kung babyahe sa loob lamang ng Numata City.
- Gumamit ng ibang pampublikong transportasyon kung babyahe sa loob lamang ng Numata City.





# na Maaari itong Gamitin

Sino ang maaaring sumakay

Maaaring gamitin ng kahit na sino.

Araw na bumabyahe

Araw-araw

Oras ng pagbyahe


9:00 am - 5:00 pm

Bayad sa pasahe

1 Sakay	Adult	¥ 400
	Elementary student	¥ 200
	Pre-schooler	Walang Bayad
	Persons With Disability (PWD)	Kalahating halaga

Paraan ng pagbayad

- Cash/PASMO, Suica (pwede rin sa mobile)
- Magbayad ng pamasaha pagkababa mula sa bus.



Lugar na babaan at sakayan

- Maaaring sumakay o bumaba sa bus stop para sa transit bus o Demand Bus.
- Babyahe ito sa lahat ng lugar sa loob ng village o sa ilang bahagi ng Numata City.
- \*Mangyaring tingnan ang hiwalay na mapa para sa bus stop na maaaring gamitin.

Paano mag-book

- Kailangang mag-book hanggang 1 oras bago sumakay.
  - Maaaring mag-book 1 linggo bago sumakay.
  - Mag-book gamit ang telepono o smartphone app.
  - Kung nais mong palitan ang iyong "destinasyon" o "lugar ng sakayan" pagkatapos mag-set ng booking, i-cancel ang naunang booking, at mag-book ulit.
  - Mangyaring tiyakin ang pag-cancel ng booking bago ang oras ng pagsakay.
- Kapag [nag-book sa telepono] → I-cancel gamit ang telepono  
Kapag [nag-book sa app] → I-cancel gamit ang app


# Booking App



**MONET**  
MONET Technologies Inc.

I-install ang Demand Booking app na "MONET", na inilunsad ng kompanya na MONET Technologies. Maaaring mag-book kahit kailan 24 oras.

1 I-tap ang MONET icon




2 I-tap ang icon para sa pag-book ng ride



3 Pumili ng destinasyon mula sa 4 na paraan



4 Maaari itong i-filter sa pamamagitan ng paglagay ng numero



5 Pumili ng nais na araw, oras, bilang ng pasahero, atbp.



6 Pumili ng slot na maaaring i-book



7 I-tap ang "mag-book" pagkatapos kumpirmahan



8 I-tap ang "OK" at kompletuhin ang





Paraan ng Paggamit

Kailangang mag-book sa telepono o smartphone app **"hanggang 1 oras bago gamitin ang serbisyo"**.

[Mag-book gamit ang telepono]



Ekklusibong numero ng telepono para sa booking (Doh-also Transportation Co., Ltd., Online ng Namata)

**\*Sumusuporta sa Wikang Hapon**

Oras ng pagtanggap  
ng booking  
8:00 am - 6:00 pm

**0278-25-8812**

**Pasaherong Gagamit**

**Tumawag sa eksklusibong numero ng telepono para sa booking**

Una, ibigay ang iyong pangalan at numero ng telepono.

\*Magsasagawa ng user registration para sa mga gagamit ng serbisyo sa unang pagkakataon.



**Pasaherong Gagamit ⇒ Tagapamahala**

**Ipaalam ang iyong destinasyon, lugar na sakayan, ninanais na araw at oras, at bilang ng pasaherong sasakay (\*).**


\*Kung magkaiba ang "sakayan" o "destinasyon", kailangang mag-book nang magkahiwalay.

**Tagapamahala ⇒ Pasaherong Gagamit**

**Kumpirmahin ang sitwasyon ng booking, at i-settle ang booking**



[Mag-book gamit ang app]



**MONET**

MONET Technologies Inc.



I-download ang eksklusibong booking app na "MONET" mula sa QR code

**Pasaherong Gagamit**

**I-rehistro ang pangunahing impormasyon sa MONET app.**

◀ **Impormasyong kailangan sa pag-rehistro** ▶

- ① Numero ng telepono (\*Numero na maaaring padalhan ng SMS)
- ② Pangalan

Gabay sa Paggamit



Detalyadong paraan gaya ng paraan ng pagrehistro dito (Website ng village)

**I-type ang impormasyon sa booking** (①Destinasyon/②Lugar na sakayan/③Araw na gagamit/

④Oras na gagamit/⑤bilang ng pasaherong sasakay (\*))/Maaari ring isabay ang pag-book para sa pag-uwi. )

**Kumpirmahin ang nakalagay na impormasyon at i-settle ang booking**



**[Pumunta sa Destinasyon]**

- Kukumpirmahin ang booking information (pangalan, atbp.) kapag sasakay.
- Kapag wala ang pasahero sa lugar na sakayan sa oras ng booking, pagkatapos maghintay ng 3 minuto, aalis na papunta sa susunod na destinasyon ang bus.



**Pagsakay**



**[Bumaba sa destinasyon pupuntahan]**

- Maaaring mahuli ang pagdating bus nang 5 hanggang 10 minuto depende sa sitwasyon ng byahe.
- Mag-book at gamitin ang serbisyo nang may sapat na oras.

